# 1

Tahimik na sa mansyon ng Aldeguer kung saan pansamantalang nakatira si Andrea habang nagtatrabaho para kay Don Vincente Aldeguer.

Naaalinsanganan si Andrea kaya ipinasya niyang maligo sa pool.

Hinubad niya ang suot na roba. Nahantad ang mala-diyosa niyang kagandahan na natatakpan lamang ng dalawang maliliit na saplot. She was physically well-endowed kaya kahit sinong lalaki ang makakita sa kanyang ayos ay siguradong luluwa ang mga mata sa magkahalong paghanga at pagnanasa.

Marahan siyang lumusong sa tubig. Ayaw niyang magising ang mga kasambahay lalo na ang mga anak ni Don Vicente. Batid niyang hindi komporme ang mga ito sa pasya ng ama na kunin siyang personal adviser. Nahalata niya iyon sa mga tingin ng magkakapatid sa kanya sa harap ng hapunan nang ipakilala siya ng biyudo sa mga ito. Well, hindi siya nagsinungaling. Sinagot niya ang mga tanong ng mga ito. At para sa kanya, ang importante ay may tiwala sa kanya ng don.

Lumangoy siya patungo sa kabilang dulo ng pool at bumalik muli sa isang dulo.

"Wow! Totoo ba ang nakikita ko?" anang isang tinig mula sa kung saan.

When she looked at its direction, she saw a pair of jet black eyes staring at her. Muntik na siyang mapasigaw sa pagkagulat. "Who are you?" she demanded.

Nagkibit ng balikat ang lalaki. "Philip. And you?"

"Oh." Naringgan niyang pinag-uusapan ito ng mag-anak kaninang hapunan. Ito ang anak ni Don Vicente sa labas na hindi sumipot sa dinner. "So, you are Philip."

"Kasasabi ko lang. Sino ka naman?"

"Andrea."

"Andrea," gagad nito at ngumisi. "Sexy name. Suits you well."

"Thanks." Unti-unti nang kumakalma ang tibok ng puso niya. "Kanina ka pa hinihintay ng papa mo."

"Gising pa ba siya?"

"I don't think so."

Muli itong nagkibit ng balikat. "So, Andrea, what are you doing here? Are you my father's flavor of the month? Well, I must say the old man has taste," pahayag nito pagkuwan.

Gusto niya itong singhalan, pero pinigil niya ang sarili. "Nagkakamali ka. I'm his employee not his mistress," taas-noong sagot ng dalaga.

"Oh?"

"Well, I'm sorry to disappoint you. I'm not his type."

Lumuwang ang pagkakangiti ng binata. Pagkuwan ay naghubad ito.

"What are you doing?" nahintakutang tanong ni Andrea.

"Maliligo," parang walang anumang sagot ni Philip. "Okay lang naman siguro sa 'yo kung sasamahan kita?" Bakas ang panghahamon sa tono nito at kinagat iyon ni Andrea.

"As a matter of fact, yeah," aniya.

"Good. Kailangan kong maging mabango lagi para hindi ako layuan ng mga chicks."

Tinaasan niya lamang ito ng kilay. He dove soundly into the pool. Bumalik naman si Andrea sa

paglangoy.

Bumuntot sa kanya si Philip. "Kung empleyada ka ng Papa, bakit ka nandito?" tanong nito.

"Dito na ako nakatira."

"Really? Maid ba ang pinasukan mo?"

"Silly. I'm his personal adviser."

"Interesting. Bakit naman kailangan ng Papa ng personal adviser?"

Tinaasan niya muli ito ng kilay. "Bakit hindi siya ang tanungin mo?"

"How much did he offer you?"

"I refuse to answer that."

"Why?"

"Dahil ayoko."

"Suplada," anito. "Gusto ko ang mga tipo mo."

"I'm flattered."

Huminto ito sa pagsunod sa kanya. "Are you married?"

"No."

Ngumiti ito. "Cool. Would you like to go out

with me?"

"I don't think so."

"Why not?"

"Just because."

Muling lumangoy si Philip. Mayamaya ay muling huminto at may kung anong ginawa sa ilalim ng tubig. Pagkaraan ng ilang sandali ay itinaas nito ang isang kamay habang hawak ang itim na briefs.

"Sanay akong maligo sa pool nang walang suot na kahit ano." Kumindat ito. "Why don't you take off your bikinis? I tell you, it feels good."

"Thanks but no, thanks."

"Ikaw ang bahala. Kung gusto mong manilip, okay lang. Hindi ako magagalit."

"Tama nga si Vic," tukoy niya sa don. "You're a bad boy."

Ngumisi lang ito. "Guilty as charged."

Ipinasya ni Andrea na umahon.

"S'an ka pupunta? Don't tell me I scared you," tukso ni Philip.

"You don't scare me at all. Malalim na ang gabi."

Isinuot niya ang roba. "Ang mabuti pa ay matulog ka na rin. You look haggard."

"Oh, come on! Hindi pa ako inaantok."

"Ikaw ang bahala. Mauuna na ako sa 'yo."

"Stay. Magkuwentuhan pa tayo."

Hindi na niya pinansin ang lalaki. Nangingiting inihatid na lamang siya nito ng tingin.

"GOOD MORNING, Pa," bati ni Philip sa ama habang nag-aalmusal ang huli sa hardin kasama si Andrea.

"O, nandito ka na pala."

"Kagabi pa ako dito." Binalingan niya ang dalaga. "Good morning, midnight nymph."

"Good morning," pormal na sagot nito.

"Mukhang magkakilala na kayong dalawa," komento ng ama.

"Yes, Pa. In fact, sinabayan pa akong maligo sa pool kagabi ng maganda n'yong personal adviser." Makahulugan ang ngiti niya.

Binalingan ni Don Vicente ang dalaga.

"Naliligo ako sa pool nang dumating ang anak mo," paliwanag nito bago pa makapagtanong ang mata.

"Gan'on ba?" Muling hinarap ng don ang anak. "Saan ka na naman galing? Maagang dumating ang mga kapatid mo para saluhan akong maghapunan."

Naupo si Philip sa tapat ni Andrea. "Pasensya ka na, Pa, may dinaanan pa kasi ako," aniyang hindi inaalis ang tingin sa dalaga. "Napakaganda talaga ng umaga dito sa mansyon lalung-lalo na ngayon."

She seemed to have felt his stare kaya nag-angat ito ng tingin. Kinindatan niya ito na ikinailing naman ni Don Vicente. Tinapik siya nito sa balikat.

"'Wag mo nang pag-interesan pa si Andrea, son. She's mine."

Unti-unting napalis ang ngiti ni Philip. Tumaas ang kilay niya; pinaglipat-lipat ang tingin sa mga kaharap. "Are you kidding me?"

"Why don't you ask Andrea?"

Pinukol ni Philip ng nagtatanong na tingin ang babae. Subalit bago pa man ito makasagot ay nagdatingan na ang iba pang anak ni Don Vicente.

Biniro siya ng mga ito at doon na natuon ang

isip niya.

"BUNTIS NA ang asawa ko kay Veronica nang mabuntis ko naman ang ina ni Philip kaya halos magkaedad lang silang dalawa," kuwento ni Don Vicente kay Andrea.

Umalis ang magkakapatid at naiwan sila sa harap pa rin ng agahan matapos magkaisa ang mga ito na mag-basketball sa court sa likod ng mansion.

"Mukhang tanggap naman siya ng mga anak mong lehitimo," komento niya.

"Bagay na aking ipinagpapasalamat. Kahit sakit sa ulo iyang si Philip, kasundo niya ang mga kapatid niya."

"By the way, paano kung ma-misinterpret ni Philip ang sinabi mo kanina? Hindi malayong isipin niya na babae mo ako."

"Are you not?" tukso nito.

"Evil. Of course not. You are old enough to be my grandfather," prangka niyang tugon.

Malakas ang tawang pinakawalan ni Don Vicente.

Inirapan niya ang milyonaryo. "Bawiin mo ang sinabi mo kay Philip. Kung hindi ay magre-resign ako," banta pa niya. "I can always find a job, you know."

"You can't do that. We have a deal. You can't resign."

Napasimangot si Andrea. "Tuso ka talagang matanda ka."

Imbis na mainsulto, ngumiti ito. "I'm a businessman. Dapat lang na maging tuso ako, kung hindi ay wala ako sa kinatatayuan ko ngayon."

"I knew you'd say that."

"Because you are as clever as me. Kaya rin nagkakasundo tayo," saad nito. "But I'm curious. Bakit tila napakahalaga sa 'yo ng iisipin ni Philip?"

"Hindi lang ang iisipin ni Philip, kundi ang iisipin ng iba mo pang anak."

"Don't fool me. Kilala kita, Andrea. Hindi ang tipo mo ang nag-aalala sa iisipin ng ibang tao."

"You're right. So bakit mo iniisip na nag-aalala ako sa sasabihin ni Philip?"

"Napansin ko lang."

"Well, you're wrong, old man. Ayoko lang naman na madagdagan pa ang mga kaaway ko. Gusto ko na ng tahimik na buhay." Binalik niya ang atensyon sa pagkain.

"Natitiyak kong maraming babae ang nakahandang magpakamatay para lang maangkin ang kung anumang mayr'on ka. You're beautiful, smart and successful. You're not bad for a daughter-in-law."

"'Tse!"

PARA SA MGA nakakakilala sa kanya, si Andrea ay maganda, matalino at successful pa sa career. Pero hindi para sa mga taong galit sa kanya. They all saw her as a b*tch, a flirt and a witch.

Ilang beses na ba siyang napagbintangang mistress ng malalaking tao sa lipunan? Ilang beses na siyang sinugod sa bahay at sa trabaho at inakusahan na mang-aagaw ng boyfriend?

Para sa mga kabaro niya, isa siyang kontrabida. Mangitian lang niya ang isang lalaki ay siguradong may susugod na sa kanya. Beauty was her gift and her curse.

Marami na siyang naging boyfriend, pero isa man sa mga ito ay walang nagtagal. Lahat ng relationship niya ay nauwi sa hiwalayan. Halos lahat kasi ng naging kasintahan niya ay walang tiwala sa kanya. They thought she was an easy lay. Some even believed she was a two-timer. Of course, it was not true.

May isang nagtiwala sa kanya, pero umalis naman ito patungong ibang bansa para magtrabaho. Nabalitaan na lang niya na nagpakasal ito roon.

Wala siyang suwerte sa relasyon. Lagi na lang siyang naiiwan. Hindi niya alam kung may darating pa sa kanyang magmamahal nang tunay.

"Hey, sexy! Mukhang malalim ang iniisip mo," pukaw ng isang pamilyar na tinig mula sa kanyang likuran. Si Philip ang kanyang nalingunan. Humakbang ito palapit. "Naistorbo ba kita?"

She shrugged. "Okay lang."

"Bakit nag-iisa ka dito? Ang Papa?"

Naabutan siya nito sa garden na may itina-type sa kanyang laptop.

"Nasa silid niya at nagpapahinga. Hindi naman siguro kailangang lagi kaming magkasama, hindi

ba?" aniya.

"Well, hindi naman. Baka magkasawaan kayo niyan."

Naisip niyang linawin dito ang isang bagay. "Philip, tungkol sa sinabi sa 'yo ng papa mo—"

"You have nothing to explain," putol nito. "Binata na uli si Papa at dalaga ka, kaya walang masama."

"Nagkakamali ka. Wala kaming relasyon."

"Sinasabi mo bang nagsisinungaling si Papa?" nakakaloko ang ngiting pang-aarok nito.

"He was kidding."

"Hindi siya mukhang nagbibiro. Kung nahihiya ka lang—"

Nagsalubong na ng tuluyan ang mga kilay ng dalaga. "Bakit naman ako mahihiya? You know what, wala akong magagawa kung ayaw mong maniwala. Bakit nga ba ako mag-e-explain sa 'yo?" angil ni Andrea.

"Yeah. Bakit nga ba?"

Pinukol niya ito ng matalim na tingin. Kinindatan lang naman siya ng lalaki. Tila wala itong pakialam sa pagtataray niya.

"My father is a lucky man," sabi nito sabay hagod sa kanya ng tingin mula ulo hanggang paa.

Biglang kinilabutan si Andrea. Si Philip lang ang may kakayahang magpadama nang ganoon sa kanya. Pakiramdam niya ay nanunuot ang mga tingin nito sa kanyang kaluluwa.

"But you are also a lucky woman. My father is a very rich man, one of the richest in Asia, if I may add," makahulugang dugtong nito.

"At ano ang gusto mong palabasin? Na pera lang ang habol ko sa ama mo?" inis na sagot niya. "Excuse me. Hindi ko kailangan ang pera n'yo. Kaya kong kumita on my own. Hindi ko kailangang manggamit ng tao."

Tumawa ito nang mahina. "Calm down. Hindi ako nakikipag-away."

"Then, don't insult me. Hindi mo ako kilala," indignant na pahayag niya.

"Sa ngayon. Pero darating din ang araw na makikilala kita." Nanatili ang makahulugang ngisi ng lalaki.

Ngumiti si Andrea nang mapakla. At sa halip na sumagot pa ay tinalikuran na lamang niya ito.

# 2

Nagpaiwan si Philip sa San Ildefonso. Ang mga kapatid niya ay nagkanya-kanya nang balik sa Maynila.

"Dito na muna ako, Pa. Okay lang ba sa inyo?" anito.

"Bakit naman hindi? Mas mabuti ngang nandito ka para may nakakatulong ako sa pagpapatakbo ng ating mga negosyo. Gaano katagal mo naman binabalak na manatili dito? Baka naman bukas lang ay magbago agad ang isip mo," turan ni Don Vicente.

"Mga dalawang linggo siguro." Sinulyapan niya si Andrea na noon ay pababa ng spiral staircase.

"Kung gan'on ay ipauubaya ko na sa 'yo ang pamamahala sa hacienda. Sa susunod na linggo ay magsisimula na ang anihan."

"Okay."

"Gawin mo nang maayos ang iniuutos ko. Baka naman ang mga babae dito sa atin ang pagtuunan mo ng pansin."

Ngumisi lamang ang binata. Binati niya si

Andrea na sumagot lang ng tango.

"Araw-araw ay lalo kang gumaganda," matapat niyang saad.

"Salamat."

Patuloy niya itong tinitigan. "Hindi mo naman kailangang maging pormal. Sapat na sa akin ang isang ngiti mula sa isang napakagandang babaeng katulad mo."

Pinagbigyan na lamang ni Andrea ang lalaki. Nginitian niya ito, pero tipid na tipid. "So, are we ready to go?" baling ng dalaga kay Don Vicente. "Male-late na tayo sa board meeting."

Tumayo na ang matanda. Tinapik nito ang balikat ng anak na halos walang kurap na nakatingin pa rin kay Andrea.

Halos matunaw naman ang babae sa kinatatayuan. She knew she looked stunning in her corporate suit, pero nararapat bang tingnan siya ng binata nang ganoon? Para bang lulunukin siya nito nang buung-buo kung makatingin ito.

"Pupunta kayo sa opisina, right?" anito sa ama. "Puwede bang sumama, Pa?"

"Sure, hijo. Actually, hinihintay ko lang na

sabihin mo 'yan."

Lumakad na sila. Si Philip na ang nagmaneho. Halos paliparin nito ang kotse kaya napakapit si Andrea sa upuan kahit naka-seatbelt siya.

"Can't you slow down? Hindi tayo nakikipagkarera," sabi niya nang hindi makatiis.

"Akala ko ba'y male-late na tayo sa board meeting? Binibilisan ko para makarating tayo on time," katuwiran ni Philip.

Nilingon niya si Don Vicente sa backseat, pero nagkibit lamang ito ng balikat. She rolled her eyes. *Mag-ama nga kayo*, she thought.

Nakarating nga agad sila sa *Aldeguer Business Center*, pero gusot-gusot naman ang damit ni Andrea. Mabuti na lamang at nakapagpigil siya kung hindi ay inaway na niya siguro ang lalaki. Kumukulo ang dugo niya sa kaarogantehan nito.

"We are ten minutes early. Ano, bilib ka na sa 'kin?" nakangising sabi pa ni Philip sa kanya.

Irap ang isinagot niya rito. Mabilis siyang bumaba ng kotse bitbit ang kanyang briefcase. Gustung-gusto na niyang ihampas iyon sa lalaki.

Naghihintay na ang board members nang

pumasok sila sa conference room. Tumagal nang mahigit isang oras ang meeting.

"I'm impressed," bulong ni Philip sa kanya habang palabas sila ng silid. "Ikaw ba ang gumawa ng presentation?"

"Who else? Alangan namang ikaw," mataray niyang sagot.

"Childish."

"Arrogant."

"Me?" Itinuro pa nito ang sarili na parang gulat na gulat sa sinabi niya.

"Sino ba ang kausap ko?"

"I'm not arrogant. I'm sweet."

"Right."

Bumuntot ito sa kanya habang patungo siya sa sariling opisina. May dumating namang mga panauhin si Don Vicente na kasalukuyan nitong kausap.

"Gaano katagal na kayong magkakilala ni Papa? Paano kayo nagkakilala?" untag ng binata mula sa kanyang likuran.

"Does it matter to you?" masungit niyang balik-

tanong.

"Magtatanong ba ako kung hindi?"

Hindi siya umimik. Nakarating sila sa kanyang opisina.

"Higit pa dito ang ibibigay niya sa 'yo."

Hindi niya iyon pinansin. Pumuwesto na siya sa sariling swivel chair at sinimulang basahin ang mga dokumentong naroon, na para bang walang ibang tao sa silid.

"Hindi mo man lang ba ako aalukin ng kape?" untag nito muli.

"May sarili ka naman sigurong mga kamay." Ni hindi niya ito nilingon.

"Ganyan ba ang tamang pagtrato sa anak ng boss mo?"

"Ang papa mo ang boss ko, hindi ikaw." Di-nakatiis na tiningnan niya ito nang matalim.

Ngumiti ang lalaki. Hinila nito ang isang silya kaharap ng mesa niya at naupo roon. "Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko. Gaano na kayo katagal magkakilala ni Papa?"

"Almost a year," tipid na sagot ni Andrea. Itinuloy

niya ang pag-i-scan sa binabasang dokumento.

Nangalumbaba ang binata. "How did you two meet?"

"An associate introduced me to your father. After that, lagi na niya akong iniimbitahang lumabas kapag nasa Maynila siya."

"Talaga? Mga ilang beses kayong nag-date? Romantic ba ang aking ama? Paano ka niya niligawan?"

"He never courted me, Philip," napapahingang sabi ng dalaga. "Your father is a good friend. Nang magbitiw ako sa trabaho, he hired me."

"Bakit ka nagbitiw sa trabaho mo? Inalok ka ba ng malaki ni Papa?"

"Matagal ko nang plano na mag-resign sa dati kong trabaho. I wanted to start my own business. Your father offered me a job. It was a tempting offer so I took it."

"I have no doubt that it was a very tempting offer. Kung hindi, you won't be here."

Sinalubong niya ang mga mata ni Philip. "Sa tono ng pananalita mo ay parang may gusto kang palabasin," taas-kilay na asik ni Andrea.

"Wala naman. Wala akong ibang ibig sabihin, Anne."

"Call me Andrea."

He just shrugged. Pagkuwan ay tumayo. "Pakisabi na lang kay Papa na nauna na ako. Mayr'on pa kasi akong pupuntahan. Magkita na lang tayo sa bahay."

Iyon lang at nawala na ito sa kanyang paningin.

PAAKYAT na si Andrea sa kanyang silid nang makita niya ang pagpasok ni Philip sa mansion.

"Anne, sandali," tawag nito.

Hindi niya ito pinansin. Parang walang narinig na nagpatuloy siya sa pag-akyat.

"Andrea!"

Saka lang siya huminto at lumingon.

Nakangising lumapit ito sa kanya. "Alam mo ba kung saan ako nanggaling at kung ano ang nangyari sa 'kin?" tanong nito sa kanya.

"Dapat ko bang alamin?" taas-kilay na balik-tanong niya.

"Of course. Dahil may kinalaman ka dito."

"Ano naman ang kinalaman ko sa mga nangyayari sa 'yo?"

Tiniyak muna nitong walang ibang nakikinig sa kanila bago pabulong na nagsalita. "Well, iniwan ko lang naman ang fling kong si Bridgette sa kama dahil sa 'yo."

"What!" Nagsalubong ang kanyang mga kilay.

"You see, we were in the middle of… you know what, nang bigla kitang maisip. All of a sudden, I lost my appetite."

Lumipad ang palad ni Andrea at lumagapak sa pisngi ni Philip. Nabiling ang mukha nito sa lakas ng kanyang sampal.

"Ang sakit n'on, ah," reklamo nito habang hinihimas ang pisngi.

Taas-noong tinalikuran niya ito. Nang makapasok sa kuwarto ay saka lang niya pinakawalan ang pinipigil na tawa.

PINAKAIWAS-IWASAN ni Andrea na sulyapan si Philip sa harap ng almusal.

"Anne, 'wag ka na munang pumasok ngayon sa opisina. Gusto kong samahan mo si Philip sa hacienda," utos ni Don Vicente sa dalaga.

Saka lang pinukol ni Andrea ng tingin si Philip. Abot-tainga ang ngiti ng lalaki na parang nakakaloko.

"May alam ba ang personal adviser n'yo sa pamamahala ng hacienda, Pa?" untag ng binata na biglang sumeryoso.

"Well, enough to know that your son can't even grow a crop, Vic," patutsada ni Andrea.

"That's unfair! You've judged me too soon, lady."

"Give my son a chance, Anne. He may be a bad boy but he is not a parasite," pamamagitan ni Don Vicente.

She shrugged.

"Hijo, 'wag mong gagalitin si Anne. I'm warning you, she's a blackbelter in karate," baling ng matandang lalaki sa bunsong anak.

"I'll remember that, Pa," sagot ni Philip na sumaludo pa.

Nauna nang umalis si Don Vicente para pumunta sa opisina. May sarili itong driver.

May kalahating oras din ang layo ng mansion sa *Alduguer Business Center*.

Ang bayan ng San Ildefonso ay halos kasing-unlad na rin ng siyudad ng Cebu at Bacolod. Halos lahat ng commercial establishments doon ay pag-aari ni Don Vicente—ang nag-iisang mall, restaurants, supermarkets, amusement centers at hotels. Pag-aari rin ng mga Alduguer ang pinakamalaking hacienda na nagpo-produce ng palay, karne at gatas sa mga mamamayan.

Isa ito sa pinakamayayaman na business hindi lang sa Pilipinas kundi maging sa buong Asya. Hindi malayong mangyari na mapabilang ito sa listahan ng pinakamayayamang tao sa buong mundo sa darating na mga panahon.

"You know what, you are very lucky dahil anak ka ni Don Vicente," komento ni Andrea habang papunta sila ni Philip sa hacienda.

"Alam ko," pangiti-ngiting turan ng binata. "Alam mo bang sumasakit pa rin ang pisngi ko hanggang ngayon dahil sa sampal mo?"

"Gusto mo bang mag-sorry ako sa 'yo?"

Napangisi ito. "Only if you are willing. Hindi naman ako mahirap kausapin, eh."

"No. Wala akong balak na mag-apologize sa 'yo," mataray na bawi ni Andrea.

"I knew you'd say that. Kaya kong sabihin ang iniisip mo."

"Oh, really?"

"Hindi ka naniniwala?"

Matagal bago siya nagsalita. "Philip, tell me something," ani Andrea pagkuwan. "Wala ka bang balak na tulungan ang papa mo sa pamamalakad sa negosyo n'yo?" Ang mga kapatid nito ay pulos mga professionals, pero walang sumunod sa yapak ng matanda bilang negosyante. "As far as I know, nakatapos ka naman. And according to your father, you finished your business course with flying colors. Sayang naman ang nalalaman mo."

"Pinag-usapan na namin ni Papa ang tungkol sa bagay na 'yan. We made a deal. Ako ang mamamahala sa negosyo namin when he retires, pero habang hindi pa ay mag-e-enjoy muna ako."

"Hindi ba dapat ngayon pa lang ay pinag-aaralan mo na ang pagpapatakbo sa kompanya n'yo? The way I see it, marami ka pang dapat na matutunan. I doubt it if you can run the farm all by yourself."

"Mukhang wala kang katiwa-tiwala sa 'kin." A corner of his lips lifted in sarcasm.

"Hindi ko itinatanggi."

Tiningnan siya nito. Humantong ang mga mata nito sa kanyang cleavage na nakalitaw dahil sa mababang neckline ng suot niyang blusa.

"I really think you are hot," namumungay ang mga matang banggit ng binata.

"Tumingin ka sa daan, 'wag sa dibdib ko," singhal niya.

Sumipol ang lalaki. Hindi pa rin nawawala ang ngiti sa mga labing ibinalik nito ang tingin sa unahan.

ABALA ANG MGA tauhan sa hacienda nang dumating sila. Tila kumikinang na ginto ang palayan. Sa susunod na linggo ay simula na ng anihan.

Binati sina Andrea at Philip ng mga tauhan.

"Mukhang takot sa 'yo ang mga trabahador ni Papa," komento ni Philip.

"Wala akong ginagawang masama sa kanila kung iyon ang gusto mong palabasin," masungit

niyang sagot.

"May sinabi ba ako? Bakit defensive ka, babe?"

"Alam ko kasi kung ano ang tumatakbo diyan sa isip mo."

"So, kaya mo na ring basahin ang iniisip ko, huh?"

"Para sa kaalaman mo, I have a degree in Psychology."

"Ow? Bakit hindi ka nagdoktor?"

"Ayoko."

"Why not?"

"Just because ayoko."

"Whew. Ibang klase kang babae." Napailing na lamang si Philip.

Habang abala si Andrea sa pakikipag-usap kay Don Vicente sa phone ay nakipagbiruan si Philip sa mga trabahador. Nagtanong ang binata kung bakit tila ilag ang lahat sa dalaga. In-assure naman niya ang mga ito na habang naroon siya ay may kakampi ang mga ito.

# 3

Hindi na muna pinapasok ni Don Vicente si Andrea sa opisina para masamahan ng dalaga si Philip sa hacienda. Magsisimula na kasi ang pag-aani ng mga pananim.

She dressed up like a cowgirl. She was riveting in her corporate suits but she looked more tempting in boots, tight jeans and hat.

Philip was nevertheless dashing. Lalo at bagong gupit ito at inahit ang balbas. He looked ruggedly handsome.

"You will shame the wildflowers of San Ildefonso with your elegance, babe," di-nakapagpigil na komento ni Philip as he stared at her with so much admiration.

"Thanks. You're not bad yourself."

"Oh, don't be modest, my lady," nangingiting anito. "I know I'm charming."

Napangiti na rin si Andrea. "Right."

Nagtungo na sila sa hacienda pagkaraan. At sakay ng kani-kanilang mga kabayo, hindi maiwasan

ni Philip na mamangha sa kagandahan ng babae.

Tila nakikiayon sa kanila ang panahon dahil hindi masyadong mainit ang sikat ng araw. Dumadampi sa kanilang balat ang preskong simoy ng hangin.

"San Ildefonso is a paradise, don't you think?" tanong ni Philip kay Andrea.

"Then, why do you keep leaving?" balik-tanong ng dalaga.

"You want me to stay?"

"It was a question, not a suggestion."

Nagkibit-balikat si Philip. "Well, it's not a bad idea. I might consider that."

"Tiyak na matutuwa ang papa mo kung mananatili ka dito."

"Matutuwa ka rin ba?" Matiim ang titig nito sa kanya.

"What I think and feel doesn't matter. Isipin mo ang mararamdaman ng ama mo." Malamig ang tono ni Andrea.

Ngumiti ito nang makahulugan. "Well, like I said, I might consider it. Let's just see."

"KUMUSTA ang ani? Tumaas ba ang produksyon ng hacienda ngayon?" usisa ni Don Vicente sa harap ng hapunan.

"Sad to say bumaba sa taong ito, Papa. Pero hindi naman gaano," sagot ni Philip.

"Marami kasi ang nalantang pananim dahil sa sobrang init ng panahon," sabi naman ni Andrea. "Dahil sa paghina ng produksyon ng mga pananim ay lalong tataas ang demand ng pagkain."

"Makakabawi rin tayo."

"Hijo, kayo na ni Andrea ang bahala sa hacienda. Marami kasing gawain sa opisina. Ipinauubaya ko na sa inyong dalawa ang lahat."

"Okay, Pa. Sa tingin ko naman ay walang problema kay Anne." Kinindatan nito ang dalagang napairap dahil sa nickname na ipinipilit nito.

"Tigilan mo na ang panunukso kay Andrea, hijo. Siyanga pala, kumusta na kayo ni Bridgette? Alam kong lagi kayong magkasama kapag narito ka sa San Ildefonso."

"Bridgette is just a fling, Papa. Hindi ako seryoso sa kanya," walang anumang sagot ni Philip.

"Hijo, kailan ka ba magseseryoso sa babae?

Beinte-seis ka na."

"Magbe-beinte-seis pa lang, Papa. Actually, I'm still very young."

"Twenty-six is not young. Nasa edad ka na para mag-asawa," giit ng matanda. "Hindi ka ba naiinggit sa mga kapatid mo?"

"Bakit naman ako maiinggit sa kanila? Nag-e-enjoy ako sa pagiging binata. Masarap ang buhay na malaya. Tama ba ako, Anne?" baling ng lalaki sa kanya.

"Whatever," taas-kilay na tugon ng dalaga.

"Anne will marry in time, hijo. Siguro ay hindi pa lang niya nahahanap ang tamang lalaki," anang matanda.

"Well, the same goes for me, too. Hindi ko pa natatagpuan ang babaeng gusto kong pakasalan."

Napailing na lang ang don sa kakulitan ng anak. "Bueno, 'wag na nating pagtalunan ang bagay na 'yan. Philip, I want you to consider staying in San Ildefonso for good. Malapit na akong magretiro, hijo. Kailangan mo nang simulang pag-aralan ang pamamahala sa *Aldeguer Group of Companies*."

"Kailan n'yo ba binabalak na mag-retire, Papa?"

"I'm sixty. Balak kong magretiro at the age of sixty-five. Sapat ang limang taon para matutunan mo ang mga pasikut-sikot sa ating negosyo."

"Kapag nag-retire kayo, ibibigay n'yo rin ba sa 'kin ang maganda n'yong personal adviser?" Muli, sumilay ang mapang-akit nitong ngiti sa labi.

"Depende, son. Kung gusto pang manatili ni Anne sa atin sa mga panahong iyon, mabuti. Kung hindi naman, wala tayong magagawa."

Tiningnan ni Philip si Andrea. Nagkibit lang naman ng balikat ang dalaga. "Let's just see."

PAGKATAPOS ng anihan ay naging tradisyon na sa *Hacienda Aldeguer* ang pagkakaroon ng kasayahan bilang pasasalamat. Maraming pagkain at umaapaw ang alak doon. Mayroon ding sayawan.

Nakipagsaya sina Philip at Andrea sa mga manggagawa. Uminom at sumayaw ang binata samantalang si Andrea naman ay tahimik lang na nanood.

"Bakit hindi ka sumasayaw? You should enjoy the party," aya ni Philip sa kanya.

"Salamat, pero dito na lang ako. Go and have

fun."

"No. Paano ko magagawang mag-enjoy kung nandito ka sa sulok at nagmumukmok? C'mon, let's dance."

"No, really. Dito na lang ako."

Pumalatak ang lalaki. Bigla na lamang siya nitong binuhat. Nagpalakpakan ang nagkakatuwaang mga trabahador.

"Philip, ibaba mo 'ko! Ano ba? Put me down! Now!"

Hindi siya pinansin ni Philip. Dinala siya nito sa gitna ng sayawan at doon ibinaba. Pinalibutan sila ng mga trabahador.

Hiyang-hiya si Andrea; nais niyang lumubog sa kinatatayuan. Abot-tainga naman ang ngiti ng binatang Aldeguer. Ang sarap dukutin ng mga mata nitong nangingislap sa kapilyuhan.

"How dare you do this to me!" gigil na asik niya sa mahinang tinig. Hindi niya gustong palalain ang eksenang ginawa ng herodes.

"Relax. Sasayaw lang naman tayo, eh. Don't disappoint me."

Inirapan niya ito nang pagkatalim-talim. Tinangka niyang mag-walk out, pero mabilis siya nitong pinigilan.

"You're not going anywhere, baby," anas nito habang hapit nang mahigpit ang baywang niya.

"Let go of me, Philip."

"Hey, calm down. This won't take long. Look at them," anito sabay turo sa mga trabahador na nakapaligid sa kanila. "Gusto ko lang naman silang pasayahin."

"Not at my expense. Kapag pinigilan mo pa ako ay sasampalin kita." Gigil na gigil na talaga si Andrea sa inis.

"Whew."

Iniwanan na niya ito. Sa pagkakataong iyon ay hindi na siya nito pinigilan kaya nakahinga siya nang maluwag. Ang akala niya ay makikipagmatigasan ito.

MAG-UUMAGA na nang makauwi sa mansion sina Andrea at Philip. Nalasing ang huli kaya napilitan siyang alalayan ito.

"Next time, 'wag ka nang iinom kung hindi mo kaya," inis na sermon ng babae habang papasok sila sa kabahayan.

"Pasensya ka na. Matagal na kasi akong hindi umiinom ng tuba kaya mabilis akong nalasing," pabulol na katuwiran nito. "Nag-enjoy ka ba?"

"Paano naman ako mag-e-enjoy gayong wala ka namang ibang ginawa kundi guluhin ako? You're the most arrogant man I've ever met," singhal niya.

Marahang tumawa ang lalaki. Ibinagsak nito ang katawan sa mahabang sofa. "Sorry, Ma'am. Next time ay hindi na kita aabalahin. Sige na, magpahinga ka na. Dito na lang ako matutulog sa sala."

Tinalikuran na niya ito.

"Good night," pahabol ng lalaki.

"Good morning."

MAY DINALANG mga panauhin si Don Vicente sa hacienda kinabukasan.

"Anne, hijo, galing pa sa Maynila ang ating mga bisita. Sa kompanya nila manggagaling ang mga bagong kagamitan sa pagtatanim na ating bibilhin.

Nais nilang makita itong hacienda kaya sila nandito," pagpapakilala ni Don Vicente sa dalawang lalaking kasama.

Kinamayan nina Andrea at Philip ang mga ito. Nagtagal bago binitiwan ng isa sa dalawang lalaki ang palad ng babae. Bata pa ito.

"Very pleased to meet you, Ms. Grefiel. Tawagin mo na lang akong Greg."

"Kung gan'on ay tawagin mo akong Anne. Sa tingin ko naman ay hindi nagkakalayo ang edad natin."

"My pleasure, Anne."

Tumikhim si Philip. "Well, gentlemen, let's talk business," anito.

Agad namang nagkasundo ang dalawang panig. Pagkatapos ng negosasyon ay niyaya ng don ang mga panauhin sa malaki nitong bahay.

"Obviously, interesado sa 'yo 'yong matangkad," sabi ni Philip kay Anne nang makasakay sila sa *Land Cruiser*. Ang mga bisita ay kay Don Vicente sumabay.

"You sound jealous."

"Bakit naman ako magseselos? Di hamak

namang malaki ang lamang ko sa mokong na 'yon," mayabang na anito.

"Don't flatter yourself."

"I don't. It's a fact."

"Right." Umismid na lamang ang dalaga.

Hanggang sa mansion ay halata ang malalagkit na tingin ni Greg kay Anne. Tila apektadung-apektado naman si Philip. Maya't maya ay bumubulong ito.

"Kaunti pa at dudukutin ko na ang mga mata ng Greg na 'yan."

"Heh! 'Wag ka ngang manggalaiti diyan," saway rito ng babae.

"Nakakainis kasi, eh!"

Inirapan niya ito, pero sa tagong bahagi ng kanyang dibdib ay may nararamdaman siyang kilig. Daig pa kasi nito ang boyfriend na nagseselos.

Parang tama naman ang hula ni Philip ukol sa atraksyon ng bisita sa kanya. Nang magkaroon kasi ng pagkakataon, niyaya siya ni Greg na mag-dinner sa labas. Dahil wala naman siyang nakikitang masama roon, tinanggap niya ang paanyaya nito.

Nang makaalis ang binata at ang kasama nito

para tumungo sa *Pearl Hotel* na pag-aari rin ng mga Aldeguer ay nilapitan ni Philip si Andrea.

"Ano'ng sabi? Inanyayahan ka bang lumabas?" usisa nito.

"Ano naman ang pakialam mo? Kalalaki mong tao, napakatsismoso mo," pagsusuplada niya sabay talikod dito.

Sumunod ito. "'Wag kang sumama sa mayabang na 'yon. I can take you out kung gusto mo. Tayo ang mag-date. Hindi mo alam kung anong klaseng tao ang Greg na 'yon. Paano kung rapist pala 'yon?"

"Don't be absurd, Philip."

"Concerned lang ako sa 'yo."

"Thanks for your concern. Pero kaya kong pangalagaan ang sarili ko."

"'Wag mong masyadong pagkatiwalaan ang kaalaman mo sa karate."

"I know what I'm doing, Philip. Hindi na ako bata. Just leave me alone."

"So, sasama kang lumabas sa Greg na 'yon?" tila gilalas na gilalas na tanong nito.

"Why not? I think he's a good guy."

"Paano mo naman nalaman?"

"I just know."

"I'll be damned if I let that guy get close to you. I don't trust him." Magkasalubong na ang mga kilay nito.

"Do I hint jealousy in your tone?"

"Yes, I'm jealous," mariing anito.

Huminto siya at hinarap ito. Nginitian niya ito nang mapakla. "At ano naman ang karapatan mong magselos? You are not my lover, Philip. We are not even friends."

"But my father likes you."

"That's another absurd idea. Kung iniisip mo pa rin ang sinabi ko—"

"Lalaki din ako kaya alam ko. He likes you a lot."

"I know," walang anumang sagot ni Andrea. "He wouldn't have hired me if he doesn't."

"And yet gusto mo pa ring makipag-date sa Greg na 'yon?" nagtatakang anito.

"Wala namang sinasabi ang papa mo na hindi

ako puwedeng lumabas kasama ang ibang lalaki. He understands na kailangan ko ring mag-enjoy paminsan-minsan."

"Witch!"

Natigilan siya at pinagmasdan ito.

Tila may kung ano namang nakita si Philip sa mga mata niya na nagpaamo rito. "I'm sorry. I didn't mean to—"

"That's all right. Now, if you'll excuse me." Iyon lang at iniwanan na niya ito.

*GEEZ! He's jealous like crazy*, nailing na naisaloob ni Andrea.

Obviously, Philip was attracted to her. And the feeling was mutual. She thought he was really sexy. Bukod pa roon ang mga tingin nito na nanunuot sa kaibuturan niya.

Pero ang mga lalaking katulad nito ay hindi niya pinagkakatiwalaan. Men like Philip were only good with breaking women's hearts. Hindi niya hahayaang mapabilang ang sarili sa listahan ng mga babaeng pinaiyak nito.

She went out with Greg. Anyway, sa tingin niya ay disente naman ang huli.

"O, BAKIT nag-iisa ka? Hindi ka ba hinatid ng ka-date mo?" salubong ni Philip nang pumasok si Andrea sa mansyon.

"Pagod ako. Bukas na lang tayo mag-usap." Dere-derecho siya sa hagdanan.

"Oh, come on. Hindi ba naging maganda ang kinalabasan ng date n'yo? Did you realize too soon na hindi pala siya ang lalaking pinapangarap mo?" usisa pa rin nito.

"Leave me alone, Philip."

Subalit hindi siya nito tinantanan. Napilitan siyang harapin ang binata.

"Ano ba ang gusto mong malaman?" timpi ang inis na tanong ni Andrea.

"Gusto kong malaman kung ano ang nangyari sa date n'yo."

She sighed. Philip frowned, nasa anyo ang pagkainip.

She decided to tell him. "Okay. Kung gusto mo

talagang malaman, iniwanan ko siya. You're right. Hindi nga siya ang lalaking kailangan ko. Happy?"

"Paano mo nalaman? Ano'ng ginawa niya sa 'yo?"

"Wala siyang ginawa sa 'kin, Philip. Basta nawala lang ang interes ko sa kanya. That's it." Hindi na niya sinabing nagpahayag si Greg na gusto siya nito kaya nawala ang interes niya. "Ano pa ang gusto mong marinig?"

"Whew," anitong pinagkrus ang mga bisig sa tapat ng dibdib. "Ang bilis namang magbago ng isip mo. Ganyan ka ba sa mga nakarelasyon mo? Basta nagsawa ka na lang sa kanya."

Naitirik ni Andrea ang mga mata. Muli niya itong tinalikuran, pero muling bumuntot sa kanya si Philip. Pagdating nila sa kuwarto niya ay iniharang nito ang sarili sa pintuan.

"Diyos ko naman, Philip, hindi mo ba ako titigilan?"

"I was right. You're a witch!"

# 4

"I am! So?"

"But a very lovely witch."

Binigyan niya ito ng isang sarkastikong ngiti. But she must admit, the man had a way with words. Nanganganib na ang puso niya rito.

"Is that a compliment, or are you mocking me?"

"It's a compliment, my sweet. You are a beautiful witch," bigkas nito habang nakatitig sa kanya nang mataman.

"Well, thank you. Kung wala ka nang sasabihin, papasok na ako sa kuwarto ko. I'm tired, Philip. Isa pa'y lumalalim na ang gabi. May trabaho pa tayo bukas."

"Sure. Good night, Miss Grefiel. See you in my dreams."

"Good night, Philip."

NAPALABAS si Andrea ng kuwarto nang marinig ang ingay mula sa ibaba. Halos liparin niya ang

hagdanan para makarating lang sa labas ng mansion.

Nakita niya si Philip na kinukuwelyuhan si Greg na noon ay duguan na ang mukha, habang inaawat naman ng dalawang katulong at ng hardinero ang una.

"Ano'ng nangyayari dito? Philip, bitiwan mo siya!" she demanded. "Ano ba'ng ginagawa mo? You're hurting him."

"Tinuturuan ko lang ng leksyon ang mayabang na 'to."

"Unhand him, Philip. Please!"

Hindi ito kaagad sumunod. Nang sa wakas ay pakawalan nito si Greg ay halos putlang-putla na ang huli.

"Sige na, umuwi ka na. Ayoko nang makita pa ang pagmumukha mo dito. 'Wag ka na ring magpapakita kay Andrea kundi'y babasagin ko 'yang mukha mo."

"Philip!" saway niya.

Nagmamadaling umalis si Greg. Sa hitsura nito, natitiyak ni Andrea na wala na talaga itong balak na bumalik pa.

"Ano ba ang kasalanan niya sa 'yo? Bakit mo

siya sinaktan?" sita niya kay Philip.

"Tinuruan ko lang siya ng leksyon," sagot nitong pumasok sa loob ng mansion.

Sumunod siya sa lalaki. "You shouldn't have done that to him. We are doing business with him. Hindi ito magugustuhan ng papa mo."

"'Wag kang mag-alala, ako na ang magpapaliwanag kay Papa. Besides, natitiyak kong hindi aatras ang Greg na 'yon sa deal nila. Malaki ang mawawala sa kanya."

"Ano ba kasi ang ginawa ni Greg para saktan mo siya?" asik niya.

"Tinawag ka lang naman niyang slut."

Natigilan si Andrea. Tila may mainit na kamay na humaplos sa kanyang dibdib sa kaalamang siya ang dahilan kung bakit sinaktan nito ang lalaki. Kumalma siya.

"Hindi mo na lang sana pinansin," malumanay nang aniya.

Lalo itong sumimangot. "Nagmamalasakit ka pa sa mokong na 'yon."

"Hindi ako nagmamalasakit sa kanya. Alam ko

ang dahilan kung bakit tinawag niya akong slut. I can't blame him. Siguro ay galit pa rin siya dahil sa pagtanggi ko sa kanya kagabi."

"Binastos ka ba ng tarantadong 'yon?"

"Higit pa sana d'on ang inabot niya kung ginawa niya 'yon. 'Wag na lang nating pag-usapan. I'm sure Greg has learned his lesson."

MAY NADAMANG pagtutol si Andrea sa dibdib nang malamang babalik si Philip ng Maynila. Gayunman ay sinarili na lamang niya iyon.

"Ikaw na muna ang bahala kay Papa, Miss Beautiful. May kailangan lang akong asikasuhin sa Maynila," bilin nito sa kanya.

"You don't need to tell me that."

"Don't miss me, okay?"

"I won't."

Pumasok na ito sa kotse. Nang makaalis si Philip ay bumalik siya sa loob ng bahay. Wala pang limang minutong nakakaalis ang lalaki ay parang nami-miss na niya ito.

*That brute!* Sa loob ng maikling panahon ay tila

malaki na ang naging impluwensya nito sa kanya. Nasanay na kasi siya na lagi itong kasama.

"Umalis na ba si Philip?" tanong ni Don Vicente habang pababa ng hagdanan.

"Kaaalis lang."

"Siyanga pala, inimbitahan ako ni Congressman Peralta sa party sa bahay nila bukas. Alam mo namang wala akong hilig sa mga pagtitipon kaya ikaw na ang pumunta."

"Okay."

Niyaya siya nito patungo sa hardin. "Ano ang masasabi mo sa anak ko?" nag-iisip na tanong ng don.

"Si Philip ba ang tinutukoy mo?"

"Si Philip. Napapansin ko kasing lagi siyang nakadikit sa 'yo. May gusto ba sa 'yo ang anak ko?" prangkang untag nito.

"Sa tingin ko'y hindi ako ang dapat mong tanungin, Vic."

"Tiyak na hindi magsasalita sa 'kin si Philip. Pero malakas ang kutob ko na pinagseselosan ako niyon. Sa aking obserbasyon, may gusto siya sa 'yo."

Sumenyas ito sa maid para humingi ng tig-isang cup ng kape para sa kanila.

"Ano ang gusto mong sabihin ko?" untag ng dalaga pagkaalis ng kasambahay.

"Gusto kong malaman kung may nararamdaman ka para kay Philip."

"He is hardly my type, Vic. Ni hindi kami magkasundo."

"He is my son kaya kilala ko siya. Believe me, he will be back sooner than we expect. Poor Greg. I heard bumalik siya sa Maynila nang namamaga ang mukha."

"Blame your barbaric son. I'm sure Greg regretted doing business with you," aniyang itinuon ang pansin sa hawak na diyaryo.

"I doubt it. Malaki ang perang iaakyat ko sa kompanya niya."

"Kinukunsinti mo si Philip kaya lumalaki ang ulo."

"Hindi ko siya kinukunsinti. He knows what he's doing. Pinababayaan ko siyang matuto. Isa pa'y tama lang naman ang ginawa niya kay Greg. Walang karapatan si Greg na bastusin ka," pagtatanggol nito

sa bunso.

"Oo na. Tama na kung tama. Alam ko namang hindi ka magpapatalo pagdating sa anak mo."

NABIGLA SI ANDREA sa naabutan sa kanyang opisina.

"Armand, ano'ng ginagawa mo dito?" untag niya sa kongresista na nakilala niya nang nakaraang linggo sa sarili nitong party. Hindi siya nito hiniwalayan buong gabi at ilang araw na nagpadala ng bulaklak.

"Ayaw mong sumama sa akin na lumabas kaya pinuntahan na lamang kita dito," anito. "Wala naman sigurong masama."

"Maupo ka." Itinuro ni Andrea ang isang upuan sa harap ng mesa niya.

"Salamat. Maganda itong opisina mo," pansin nito.

"Thank you. Armand, 'wag na tayong magpaliguy-ligoy pa, why are you here?"

"Hindi ko itinatanggi pa. Gusto kita, Anne." Titig na titig ito sa mukha niya.

"You're a married man, Armand. I'm sorry pero

mas makabubuti kung hindi ka na pupunta dito. Ayoko ng gulo."

"Walang gulo, I can assure you that."

"Armand, may pamilya ka nang tao. Sila na lang ang pagtuunan mo ng pansin." Pilit niyang hinahawakan ang umiiksi nang pasensya.

Nabura ang ngiti nito at nagsalubong ang mga kilay. "Kung gan'on ay tinatanggihan mo ako?"

"Yes," matatag niyang sagot.

"Bueno, gusto ko lang malaman mo na hindi ako gan'on kadaling tanggihan, Anne. Patuloy kitang susuyuin. Pasasaan ba't magugustuhan mo rin ako."

"Hindi mangyayari iyon kaya mas makabubuting 'wag ka na lang umasa. Good day, Armand!"

Walang kibong tumayo ang politiko at umalis.

MAY NATANGGAP na masamang balita si Don Vicente sa panganay na si Jude mula sa Maynila tungkol kay Philip. Inutusan nito si Andrea na lumuwas para asikasuhin ang problema. Masama kasi ang pakiramdam ng matanda.

Dumerecho ang dalaga sa police headquarters

kung saan naroon si Philip. Naroon na rin sina Jude at Naomi.

"Ano'ng nangyari?" agad na tanong ni Andrea sa magkakapatid.

"Itong magaling kong kapatid may ginulping tauhan ni Congressman Peralta," pagalit na sagot ni Jude.

Tiningnan ni Andrea si Philip.

"Don't look at me. Tinuruan ko lang ng leksyon ang tarantadong 'yon," paangil na depensa ng binata.

Hindi siya kumibo, pero natitiyak niyang may kinalaman na naman sa kanya ang nangyari. Kung paano ay hindi pa niya alam.

Dumating sa presinto si Congressman Peralta at kinausap ito ni Jude. Pumayag ang kongresista na aregluhin na lamang ang problema, pero may hiningi itong kondisyon. Si Andrea ang gusto nitong makausap kaya nakipag-usap dito ang dalaga.

"Alam mo kung ano ang gusto ko, Anne. Kakalimutan ko ang tungkol sa pangyayaring ito kung pagbibigyan mo ang imbitasyon kong lumabas tayo. Iyon lang naman," nakangiting sabi ng politiko.

"You play dirty, Congressman. Pero sige, I'll play

your game."

"I know you are smart."

Walang kibong tinalikuran niya ito.

"ANO ANG pinag-usapan n'yo ng congressman na 'yon?" untag ni Philip nang palabas na sila ng presinto.

"Sa 'kin na lang 'yon," sagot ni Andrea.

Naunang umalis sina Jude at Naomi sa kanila. May mahalagang appointment kasi ang una samantalang ang huli naman ay kailangang sunduin ang anak sa school.

"Dumaan muna tayo sa pad ko. Inihatid ka ba ng chopper?" muling tanong nito.

"Yeah. Gusto ng papa mo na sumama ka sa 'kin pauwi."

"Bukas na lang tayo umuwi ng San Ildefonso. May kailangan pa kasi akong asikasuhin. You can stay in my pad." Binuntutan nito ng makahulugang ngiti ang sinabi.

Inirapan ni Andrea ang lalaki. Pero sumama rin siya rito. Mas mabuti na iyon para mas mabantayan

niya ito. Baka kasi may gawin na naman itong kalokohan.

Nasa Taguig ang bachelor's pad ng binata. Pagpasok pa lang ay agad nang sumalubong sa kanila ang kalat.

"Pasensya ka na, ha? Wala na kasi akong time maglinis," sabi ni Philip.

Napabuntong-hiningang dinampot ni Andrea ang nagkalat na mga damit at papel sa sahig. May nadampot din siyang underwear na pambabae kaya nahulaan agad niya kung ano ang nangyayari sa loob ng apartment na iyon.

Kung sinu-sinong babae siguro ang dinadala nito roon. Hindi man niya aminin ay naiinis siya sa isiping iyon.

Ano pa nga ba ang aasahan niya sa isang bad boy na tulad ni Philip? Si Don Vicente mismo ang nagkuwento sa kanya tungkol sa mga kalokohan nito.

"So, ano ang pinag-usapan ninyo ni Congressman Peralta? Totoo bang pinopormahan ka ng matandang iyon?" tanong ni Philip nang muling lumabas ng silid.

Hindi agad siya nakasagot nang humantong sa hubad nitong dibdib ang kanyang paningin. Bumilis ang tibok ng kanyang puso.

"Well?" untag nito nang hindi siya sumagot.

"'Wag mo nang alamin." Iniiwas ni Andrea ang tingin. Her hands were shaking and she felt embarassed.

"Kung gan'on, totoo nga 'yung mga sinasabi ng bodyguard niya; gusto ka ngang ikama ng congressman na 'yon." Nag-init ang mga pisngi niya dahil sa inis sa matanda. "Dumaan ako kanina sa *Batasan* para puntahan ang kaibigan ko nang marinig ko ang dalawang bodyguards ni Peralta na nagbibiruan sa labas at ikaw ang paksa nila. Binabastos ka nila kaya hindi ako nakapagpigil."

"At paano mo naman natiyak na ako ang pinag-uusapan nila?"

"Ikaw lang ang Andrea Grefiel na nagtatrabaho para kay Papa."

Hindi siya kumibo.

"Totoo ngang nililigawan ka ni Peralta, ano?" usig nito. "Type mo ba ang matandang 'yon?"

"I think it's none of your business," matapang

na asik niya.

Bago pa niya iyon madagdagan, he pulled her into his arms and claimed her lips and kissed her savagely. Sinubukan niyang umiwas noong una, pero tinraydor siya ng kanyang puso. She submitted to his seduction.

Philip pushed her gently into the sofa. Patuloy pa rin ang paghalik nito sa kanya habang hinuhubad ang suot niyang sleeveless top.

Sinubukan niyang pangibabawin ang katinuan, pero hindi niya nagawa. Para siyang kandilang unti-unting nauupos sa mga halik at haplos ni Philip. Her body burned for his touch. Alam na alam nito kung paano gigibain ang kanyang mga depensa.

Bago pa niya namalayan ay pareho na silang walang saplot sa katawan. He was making fierce love to her and she responded with equal passion.

"Open your legs wider, baby," humihingal na anas Philip habang gumagalaw sa kanyang kandungan.

She wrapped her legs around his waist. They moved together as their bodies danced in perfect tune.

KAPWA SILA tahimik nang matapos ang

sandaling kahibangan. Walang ibang maririnig sa loob ng silid kundi ang mararahas nilang paghinga.

"I didn't know you're a virgin. But you're not that bad for a first timer," mayamaya ay sabi ni Philip. "You were wonderful."

Hindi umimik na bumangon si Andrea at dinampot ang nagkalat na saplot sa sahig. Pumunta siya sa banyo para magbihis. Sumunod sa kanya si Philip. Nakapantalon na ito.

"You're so beautiful," anitong hinagod siya ng tingin.

Nang hindi siya sumagot ay lumapit ito at aktong yayakapin siya, pero umiwas siya.

Kumunot ang noo ni Philip. "What's wrong?"

"Just don't touch me."

"Isn't it a bit late for that?"

"Ano man ang nangyari ngayon ay mas makabubuting kalimutan mo na," malamig na anang dalaga at lumabas ng banyo.

"That's it? Balewala ba ang nangyari sa 'tin?" Tumaas nang bahagya ang tono ng boses nito.

"Wala akong balak na maghabol sa 'yo kung

iyon ang iniisip mo."

"Damn it, Anne! Hindi ko puwedeng basta kalimutan ang nangyari ngayon. Aminin mo man o hindi, there's a strong attraction between us. I like you, Anne. And with the way you responded to me a while ago, I am sure that you like me, too."

Muli ay hindi siya sumagot.

Napailing si Philip. Pumasok na lamang ito sa silid. Mariing napapikit si Andrea sabay buntong-hininga nang mapag-isa.

Tama ang lalaki, gusto niya ito. Tumatanggi ang kanyang isipan, pero iba ang sinasabi ng puso at katawan niya.

Nang kumalma ay ipinasya niyang bumalik sa San Ildefonso. Hindi na niya hinintay si Philip. May sarili na itong isip kaya bahala na ito kung nais nitong sumunod sa kanya o hindi. Ang tanging gusto niya sa oras na iyon ay makalayo rito.